# PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s SPEECH AT THE PRESIDENTIAL ASSISTANCE TO FARMERS, FISHERFOLK AND FAMILIES IN BUTUAN CITY

Libertad, Butuan City
June 20, 2024

[00:00:10]
Maraming salamat po. [cheers and applause] Salamat sa ating Special Assistant sa kanyang pagpakilala, si Secretary Anton Lagdameo.

Please magsi-upo po tayo.

At ang ahensya na talagang ang --- ang departamento na inaasahan natin na ayusin ang mga problema na aming nadatnan sa sector ng agrikultura. Nasabayan pa ng El Niño at walang ulan, nag-tuyot at kaya't kailangan na kailangan natin na ang Department of Agriculture ay nandiyan, kaya't nandito po si Secretary Kiko Laurel; [applause] kasama din po natin ang DSWD Secretary at siya ay mayroon din silang programa para sa pagtulong sa ating mga kababayan, ang DSWD Secretary, Secretary Rex Gatchalian. [applause]

At isa sa pinakamahalagang bahagi ng ating mga programa, alam niyo po kapag kami nakakaisip at nagbubuo ng programa sa national government, kailangan po --- ay hindi naman sapat na basta't pag-usapan na lang namin sa Maynila. Kailangan ito'y ibaba at kailangan maganda makipag-ugnayan sa ating mga local government officials ang national government. Kaya po nabubuo itong magagandang programa dahil sa magandang ugnayan po at ang cooperation na nasa gitna ng local government at ng national government ay napakaganda kaya't masasabi whole-of-government approach. Ang

namamahala po sa ganyang klaseng pag-uusap at pagpaplano sa gitna ng national government at saka sa local government, ang ating DILG Secretary, Secretary Benhur Abalos. [applause] ang namumuno ngayon ng Mindanao Development Authority, siya ang nagtitimon sa mga iba't ibang proyekto. Hindi lamang dito sa Caraga kung hindi pati na sa buong Mindanao, ang ating Mindanao Development Authority Secretary, Secretary Leo Magno. [applause]

Ang aking classmate sa 14th Congress at nandito. Ngayon ko lang nakita, ito iyong buong pangalan niya at kilala ko siya talaga, Congressman Joboy Aquino; [applause] and the Agusan del Norte Governor at ating matagal nang kasama at nakikipagtulungan sa national government and the Agusan del Norte Governor, Governor Angel Amante; [applause] Butuan City Mayor, ang host natin dito sa Butuan City today, Butuan City Mayor Ronnie Vicente Lagnada; [applause] Second District Representative ng Agusan del Norte Dale Corvera, nandito rin; [applause] Surigao del Norte Governor, Governor Lyndon Barbers; [applause] Dinagat Islands, ang gobernador po ng Dinagat Islands, Governor Nilo Demerey Jr.; [applause] ang ating mga kasamahan sa pamahalaan; my fellow workers in government; lahat po ng… Ngunit hindi ko po maaaring makalimutan na banggitin ang pinakamahalaga na bisita natin dito ngayon, kayo po na mga beneficiary na makakatanggap ng tulong mula sa national government. [applause]
Magandang umaga po sa inyong lahat --- hapon na yata, magandang hapon po sa inyong lahat!

[00:04:31]
Sa araw na ito, ibig kong maihatid ang aking taos pusong suporta at malasakit sa mga Butuanon at buong rehiyon ng Caraga sa pamamagitan ng pamamahagi ng tulong sa ating mga magsasaka, mangingisda at ang kanilang mga pamilya.

Bukod sa pagkilala sa Butuan bilang Timber City of the South dahil sa inyong maunlad na industriya ng pagtotroso, tunay na lubos kayong biniyayaan ang malawak at matabang lupa na pinalusog ng yamang tubig na nakapaligid dito.

Hindi din ito maikakaila na patuloy ang paglago ng inyong pangunahing sektor tulad ng pagsasaka at pangisdaan na bunga ng walang sawang pangangalaga at pagpapayabong ninyo sa ating mga likas na yaman.

Katulad ninyo, nagsisikap ang pamahalaan upang lalo pang maging matatag ang Butuan bilang sentro ng kalakalan, industriya at pamamahala dito sa Caraga.

BAGONG PILIPINAS

Kung maaalala nga ninyo, bago pa man ako naging Pangulo, nauna na akong nagbahagi ng tulong sa mga Butuanon matapos kayong nasalanta ng Bagyong Odette noong 2021. [applause]

[00:06:00]
Noong nakaraang taon naman, pinasinayaan namin ang Kadiwa ng Pangulo upang mapataas ang kita ng ating mga magsasaka at mapalapit sa ating mga mamimili ang kanilang pangangailangan.

Naghahandog din kami na galing sa ating pamahalaan ng karagdagang binhi at makinarya sa pagsasaka upang mapabuti ang inyong ani at mapagaan ang inyong hanapbuhay sa araw-araw. [applause]

Patuloy din po naming ipinapatupad ang National Rice Program, ang National Corn Program at saka iyong High-Value Crops Development Program sa iba't ibang sulok ng bansa, kabilang na ang inyong rehiyon.

Sa usapin naman ng imprastraktura, nasimulan na ang pagpapatayo ng Butuan City–Agusan del Norte Logistical Highway [applause] na inaasahang magiging tulay ng ating agricultural economic zones at posibleng industrial economic zones.

Halos pitumpu't isang porsyento na ang natapos sa pagpapalawak ng bypass road na mag-uugnay sa Mayor Democrito Plaza Avenue at Daang Maharlika na makakapagpabilis ng daloy ng produkto at serbisyo sa inyong lugar.

Bagama't nakapagpatupad na tayo ng iba't ibang programa sa Butuan, may mga problema pang hinaharap tayo na pilit nating binibigyan ng kasagutan katulad na lamang ng seguridad sa malinis na tubig.

Sa taon na ito, matindi ang naging epekto ng El Niño dito sa inyong siyudad kaya isinailalim sa State of Calamity ang buong Butuan. Ayon sa aming datos, naapektuhan dito ay labinlimang porsyento ng inyong kabuuang populasyon at tatlumpung porsyento ng inyong kabuhayan.

Tinatayang halos tatlong libo at pitong daang magsasaka at mangingisda naman ang tuwirang naapektuhan ng El Niño, samantalang nasa pitong daang milyong piso naman ang nalugi sa ating agrikultura sa buong rehiyon.

Upang tuluyang maibsan ang pagsubok na inyong pinagdadaanan, narito po kami upang maghatid ng karagdagang tulong, kaisa ng inyong lokal na pamahalaan, ang Office ng --- House Speaker ng House of Representatives, ang Department of Agriculture, ang DOLE, ang DSWD.

[00:08:43]
Mula sa aking tanggapan, maghahandog din kami ng tulong na nagkakahalaga ng halos apatnapu't pitong milyong piso para sa inyong siyudad. [applause]

Ito po ay dinagdag po natin dahil bukod pa sa mga programa ng ating iba't ibang departamento, bukod sa ating TUPAD, sa ating ayuda, sa lahat ng ginagawa ng DTI ay nakita po namin sa kaka-ikot ko, nakita ko po naman.

Sabi ko, "Mabuti at nakakatulong tayo. Pero baka mayroon pa tayong magawa. Baka mayroon pa tayong maitulong."

Kaya po ang ating binibigay, iyong malalaking cheke po na makikita ninyo mamaya na binigay natin sa bawat governor para sa bawat probinsya, ito po ay galing talaga sa Office of the President. Naghanap kami ng pondo at itong pondo ay aming ginamit para magbigay ng tulong sa bawat probinsya. [applause]

Ito ay bahagi ng halos --- iyong atin sa Butuan ay bahagi ng halos isang daan at animnapung milyong piso na ating inilalaan para sa buong Region XIII.

Makakatanggap din ang bawat isang narito ngayon ng tig-lilimang kilo ng bigas. Ito naman ay galing sa Office of the Speaker of the House, ang ating Speaker, Speaker Martin Romualdez. [applause]

Sa pangunguna naman ng DSWD, mabibiyayaan ng cash assistance na nagkakahalaga ng sampung libong piso [applause] ang nasa apat na libo at pitong daang makakatanggap mula sa Agusan del Norte at Butuan City sa ilalim ng Ayuda sa Kapos ang Kita Program. [applause]

Mula naman po sa DOLE, mabibigyan ng sapat na tulong ang mga benepisyaryo ng Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers Program.

Naniniwala kami na ang pagkalinga sa ating mga magsasaka at mangingisda sa mga panahong tulad nito ang susi upang muling makabangon at makatulong sa pagpapanday ng isang mas masagana at maunlad na Bagong Pilipinas.

Ang inyong pagsisikap at pagsasakripisyo araw-araw ay hindi lamang nagpapakita ng inyong walang kapantay na pagmamahal para sa inyong pamilya, kung hindi nagpapatunay din ng busilak ninyong hangarin para sa ating mahal na bansa.

Makakaasa po kayo na magiging kaagapay ninyo ang administrasyong ito upang mabigyan ng katuparan ang inyong mga mithiin at mapaunlad pa lalo ang inyong mga kabuhayan. [applause]

Kasabay nito, hinihikayat ko rin na makiisa kayo sa bawat plano at inisyatibong aming ipatutupad nang sa gayon ay makamit na natin ang isang Bagong Pilipinas. [applause]

Magkaisa at magtulungan po tayong lahat, sabay-sabay tungo sa isang mas maliwanag at manigong bukas kung saan ang mga Pilipino ay may kakayahang tuparin ang kanilang mga pangarap para sa kanilang sarili, sa kanilang pamilya, kasama na para sa ating bayan. [applause]

Maraming, maraming salamat po. Mabuhay po kayong lahat! Mabuhay ang Caraga Region!

Mabuhay ang Bagong Pilipinas! [applause]
[00:12:42]

***

BAGONG PILIPINAS